Republic of the Philippines
Province of Camarines Norte
Daet, Camarines Norte

KAUTUSANG TAGAPAGGANAP
BLG. 38-A, 2020____

KAUTUSAN TAGAPAG PAGANAP AT KARAGDAGAN ALITUNTUNIN TUNGKOL SA MAIGTING NA IMPLEMENTASYON NG QUARANTINE AT ISOLATION PROCEDURES SA PANAHON NG ' MODIFIED GENERAL COMMUNITY QUARANTINE (MGCQ)', EPEKTIBO MULA IKA- 1 NG BUWAN NG SETYEMBRE TAONG KASALUKUYAN, SA BUONG LALAWIGAN NG CAMARINES NORTE.

SAPAGKA'T, Ang Kautusang Tagapaganap Bilang 38, ay nagsasaad ng mga alituntunin ng mga local na pamahalaan ng Camarines Norte patungkol sa Maigitng na Quarantine at Isolation procedures, epektibo mula Agosto 1, 2020 ;

SAPAGKA'T, susog sa E.O. Bilang 112, Seksyon 3, at IATF Resolusyon Bilang 40, s. 2020 na may petsa ng Mayo 27, 2020 na simula ng Hunyo 1, 2020 ang Bicol Region-5 kasama ang probinsya ng Camarines Norte ay kabilang sa ' low risks provinces ' na pwedeng ipatupad ang 'Modlfied General Communiity Quarantine 'at susog nito ang inamyendahan na 'Omnibus Guidelines ng Implementasyon ng Community Qurantine' sa buong Pilipinas., Ganuon din ang Resolousyon Bilang 43, s. 2020, at Resolusyon Bilang 48 s. 2020, ang mga rebisyon at pagbababago ng isinasaad ng 'Omnbus Guidelines ng Communlty Quarantine' petsa 16 ng Hulyo, 2020., Ganuon din ang probinsiya ng Camarines Norte ay patuloy at nananatili na nasa kategorya ng 'modified general community quarantine';

SAPAGKA'T, Ang paglaganap ng COVID-19, at ang dumarami na bilang ng kaso ng naturang corona virus ay tumataas ayun sa pagtatala ng DOH-Bicol hanggang Aogsto 31, 2020 sa probinsiya ng Camarines Norte, ganuon din sa mga karatig probinsiya, at kinakailangan paigtingin pa ang mga health protective measures upang maproteksyunan ang bawat mamamayang CamarinesNortenos;

SAPAGKA'T, karapat dapat na magkaroon ng mas maigting at patuloy na sistematikong proseso at gabay sa mga ipinatutupad ng mga alituntunin, ayun na rin sa itinalaga ng IATF, upang lalung maisa ayos ang kalagayan ng pamumuhay at kalakaran ng iba pang mga negosyo sa probinsiya ng lau na ang pangkalahatang kalusugan na bawat mamamayan ng Camarines Norte;

NGAYON, SAMAKATUWID, Ako, si EDGARDO A. TALLADO, Gobernador ng lalawigan ng Camarines Norte, at sa pamamagitan ng karapatang bisa na ipinagkaloob sa akin ng batas, ay ipinag u-utos ang Executive Order No.38-A, series 2020 "KARAGDAGAN ALITUNTUNIN TUNGKOL SA MAIGTING NA IMPLEMENTASYON NG MODIFIED GENERAL COMMUNITY QUARANTINE 'EPEKTIBO MULA PETSA 1 NG BUWAN NG SETYEMBRE TAONG KASALUKUYAN, SA BUONG LALAWIGAN NG CAMARINES NORTE.

Seksyon 1. Ang **'Curfew Hour'** ay ipatutupad sa buong lalawigan ng Camarines Norte mula ika-sampu ng gabi hanggang ika lima ng madaling araw (10pm-5am), upang maging epektibo at isahang pagkilos ng lahat ng mga mamamayan at bayan nasasakupan ng probinsiya;

Seksyon 2. Pinapahintullutan ang mga trucking o cargo/deliveries na makapasok sa probinsiya sa unang pagkakataon lamang kung hindi sapat o kumpleto ang kanilang mga travel documents; At hindi na papasukin sa ikalawang pagkakataon, maliban kung natupad nila ang nasasaad sa E.O. 38, Seksyon 2, letra (a). Magkaganuon din, pinapayagan makapasok kung mayroon kapahintulutan ang Office of the Governor at o ng Provvincial Incident Management Team, at agad ipagbibigay alam ang naturang pahintulot sa mga local na Incident Management Team, at o MDRRMO kung saan patungo ang nasabing cargo/delivery;

Seksyon 3. Mga Karagdagan at Alituntunin sa mga Trucking/Cargo/Delivery, Authorized Person Outside of Residence (APOR):

a. Lahat ng mga APOR/drayber/pahinante, at bawat trucking ay dapat mayroon sapat na 'Travel Document' bago umalis at pumasok ng probinsiya katulad ng mga sumusunod;
   1. Ang mga kawani ng APOR/drayber at kasama pahinante, ay dapat mayroong valid ' medical certificate' galing sa kanilang City/Municipal Health Officers at ito ay may bisa o epektibo lamang sa loob ng isang lingo (7Days), at kinakailangan kumuha muli ng bago medical certificate kung expired na ang nasabing dokumneto;
   2. Negatibong resulta ng RT-PCR, galing sa akreditong health facility, at o;
   3. Negatibong resulta ng Rapid Antibody Test (RTA), na kinuha tatlong (3) araw bago pumasok sa lalawigan ng Camarines Norte.

Seksyon 4 . IncorporationClause.

a. Lahat ng batas, kautusang legal, panuntunan at regulasyon na naisumite na at isusumete pa lamang na itinatag ng may awtoridad ng Republika ng Pilipinas na nauukol sa pang-publikong kaligtasan at COVID-19 ay isinisasama sa pamamagitan, pangangailangang ng nauukol dito. Kung sakaling may lumabas na problema, ang mga batas, kautusang legal, panuntunan at regulasyon ay may karapatan, sa pangunguna na pinagkaloob ng Executive Order.

b. Ano mang panuntunan na pinalabas at ipapalabas ng labing dalawang munisipyo na hindi umaayon sa kautusang ito ay pinapawalang bisa.

Seksyon 5. Effectivity. Ang kautusang ito ay ipinapatupad ngayong ika 1 ng Setyembre, 2020.

IN WITNESS WHEREOF, Patunay nito ang aking lagda at ang Selyo ng Lalawigan ng Camarines Norte, ngayon Agosto 31, 2020 dito sa Kapitolyo Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Kgg. EDGARDO A. TALLADO